Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-8 NG MAYO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG ARIEL T. MAGCALAS | . . . . . . . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 141-T'2002*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN TERESITA S LAZARO SA PAMAMAGITAN NG MGA KASAPI NG KGG. SANGGUNIANG PANLALAWIGAN NA SA ILALIM NG ENERGY REGULATORY ACT 1-94 A MAPAHINTULUTAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NA BAWASIN SA PONDONG NAIPON NG LALAWIGAN NA KINITA NG NATIONAL POWER CORPORATION (NPC), ANG HALAGANG TATLONG MILYONG PISO (P3,000,000.00) UPANG MAGAMIT SA PAGPAPAGAWA AT PAGKOKONKRETO NG DAANG BARANGAY PATUNGO SA TAPUNAN NG BASURA SA BARANGAY ALIPIT A OOGONG NG BAYANG ITO*

*SAPAGKA'T* nagkaroon ng naunang kahilingan ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na mapagawa ang overflow bridge patungo sa tapunan ng basura sa Barangay Alipit Oogong ng bayang ito;

*SAPAGKA'T*, nagkaroon ng pagbabago na ang kahilingan ay ituon na lamang sa pagpapagawa at pagkokonkreto ng daang barangay patungo sa tapunan ng basura na sakop ng dalawang nabanggit na barangay na siya ring pangunahing programa ng bayang ito;

*SAPAGKA'T*, ang bayan ng Santa Cruz na sinasakop ng lalawigan ng Laguna ay may karapatang *makinabang sa tulong na ipinagkakaloob* ng NPC sa naturang lalawigan para sa kapakanan ng pamayanan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO* sa mungkahi ng Kgg Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg Kag. Edgardo T Porca, Florencio C. Odejar at Bernardo E. Ison sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na hilingin sa Kgg. Punong Lalawigan Teresita S. Lazaro, sa pamamagitan ng Kgg. Sangguiang Panlalawigan sa ilalim ng Energy Regulatory Act 1-94 ay mapahintulutan ang bayan ng Santa Cruz, Laguna na bawasin sa pondong naipon ng lalawigan na kinita ng National Power Corp. (NPC), ang *halagang P3,000,000.00 upang magamit sa* pagpapagawa at pagkokonkreto ng daang barangay patungo sa tapunan ng basura sa Brgy Alipit at Oogong ng bayang ito.

(karugtong ng Kap. Blg 141-T'02)



*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Teresita S. Lazaro. Kgg. Sangguniang Panlalawigan. Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet. Pambayang Ingat-Yaman. Pambayang Inhinyero. Pambayang Pangkalahatang Paglilingkod at Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad. lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

5/27